# 1

Tuwang sinalubong ni Melrose ang mga kaibigan na bumaba sa isang van. Nagbiyahe pa ang mga ito mula Maynila papuntang Laguna. Hindi matapus-tapos ang kanilang kamustahan. Tatlong buwan din silang hindi nagkita ng mga ito simula pa noong mag-resign siya sa *Zoe Enterprises*, ang kompanyang pinasukan niya noon.

Inaya na niya ang mga ito sa loob ng kabahayan at nagsimula siyang maghanda ng kanilang tanghalian. Pulos seafoods ang mga iyon.

"Wow! Ang sarap naman ng inihanda mo para sa amin, Melrose. At mukhang fresh na fresh, ah," natutuwang puri ni Noemi.

"Talagang sariwa ang mga pagkain dito," pagmamalaki niya na ngiting-ngiti.

"Mukha ngang tumaba ka dito," ani Evelyn. Halos kasabay nito si Noemi na naupo sa harap ng dining table.

"Parang napakasarap tumira dito sa Laguna. Alam mo bang hindi kami nahirapan na hanapin itong bahay mo. Paano, lahat na yata ng mga tao

dito ay tinulungan kami na hanapin ito. Mababait ang tao dito," komento ni Sarah na nakapuwesto na sa harap ng mesa.

"Alam mo, Melrose, gusto kong tumira sa mga ganitong lugar. Wala na bang available na matitirhan malapit dito sa bahay mo?" interesadong tanong ni Leovy. Umupo na rin ito sa tapat ng hapag at kusang nagpasimulang kumain.

"Ewan ko lang kung mayroon pa. Hayaan mo at itatanong ko kay Ramil, baka may alam siya," sagot niya. Nang makitang nakaupo na lahat ng mga kaibigan niya ay umupo na rin siya upang sumalo sa mga ito sa tanghalian.

Sabay-sabay na napalingon sa kanya ang mga kaibigan. Muntik pa siyang mapatawa dahil halos sabay-sabay rin ang mga ito na nagtanong.

"Sinong Ramil?"

"Kaibigan ko. Teacher din siya pero hindi sa eskuwelahang pinagtuturuan ko," nakangiting sagot niya.

"Kaibigan lang talaga?" paniniguro ni Noemi.

Napatawa siya sa reaksyon ng mga ito. "Manliligaw," amin niya. "Actually, pupunta rin siya

dito. Ewan ko kung bakit wala pa siya."

"Mabait ba siya?" tanong ni Leovy.

"Ano ba kayo? Para kayong imbestigador. Siyempre mabait 'yun, 'no!"

"Iyon naman pala, bakit hindi mo pa sagutin?" nanunuksong tanong ni Sarah.

Lalo tuloy siyang napatawa. Ang mga kaibigan niya talaga... ipinagduduldulan siya ulit sa isang lalaki.

"Bakit ayaw mo? Mabuti nga 'yon para tuluyan mo nang makalimutan si Bossing." Sa tinurang iyon ni Evelyn ay may kalungkutang bumangon sa dibdib ni Melrose.

Ngunit hindi niya iyon ipinahalata. Ayaw niyang malaman ng mga ito na hanggang ngayon ay hindi pa rin siya nakaka-recover sa kabiguan sa boss nila.

Lihim siyang nagpasalamat nang makarinig sila ng mga pagtawag sa labas ng bahay. Boses-lalaki iyon at alam niyang si Ramil na ang dumating.

Nagmamadali siyang tumayo upang salubungin ito. May dala pa itong isang plastic bag ng hinog na mangga.

Tuwang ipinakilala niya ang bagong dating sa mga kaibigan. Malugod na tinanggap ng mga ito ang binata. Hindi man nagsasalita ang mga ito, alam niyang pasado ito sa mga dating kaopisina na maging nobyo niya kung sakali. At nakikita niya ang nanunuksong ngiti ng mga ito sa kanya.

HATINGGABI NA pero hindi pa rin matapus-tapos ang kanilang kuwentuhan. Umuwi na noon si Ramil at pawang mga nakapantulog na silang magkakaibigan. Iisa lang ang kuwarto sa bahay ni Melrose kaya napagkasunduan nilang matulog sa sala. Naglatag sila ng banig at kutson para mahigaan.

"So, how are you feeling now?" seryosong tanong ni Leovy nang mapadako ang kanilang usapan sa mga naganap three months ago.

Melrose smiled. "Okay na ako. Unti-unti ko nang natanggap na hindi talaga para sa akin ang boss natin," isplika niyang may bahagyang himig-pagbibiro. Hindi niya gustong malaman ng mga kaibigan ang tunay niyang damdamin para kay Zachary Salveron hanggang ngayon.

"Mabuti naman kung ganoon. Natutuwa kami at naka-recover ka na nang tuluyan. This Saturday

ay tuloy na talaga ang kasal ng boss nating iyon kay Marivic," balita ni Evelyn.

"Ganoon ba?" kunwari ay kaswal na tanong ni Melrose. Ngunit ang totoo, ibayong sakit ang paulit-ulit na umuukit sa kanyang puso.

"Oo nga. Hmph! Hindi nga ako naghahanda man lamang ng panregalo." Nasa boses at mukha ni Sarah ang pagkasuya.

"Anyway, mayroon ka nang Ramil, di ba? Lamang ng kaunting paligo si Boss Zach, pero kung higit namang nagmamahal sa 'yo si Ramil, eh, di sa kanya kami boto," komikong saad ni Noemi.

Gusto sana niyang sabihing hindi niya mahal si Ramil at kaibigan lamang ang pagtingin niya rito. Pero ayaw niyang palungkutin ang mga ito. Hindi na lang siya kumibo. Ano ang malay niya kung matutunan din niyang ibigin ang mabait na manliligaw pagdating ng araw?

Makalipas ang ilang minuto, isa-isa nang dinalaw ng antok ang mga kaibigan niya at naiwan si Melrose na gising na gising pa rin ang diwa. Ang totoo kasi ay iniisip pa rin niya ang ibinalita ng mga ito tungkol sa pagpapakasal nina Zach at Marivic.

Kunsabagay, noon pa man ay iyon na talaga

ang nakatakdang mangyari. Siya lamang itong nagtangkang kontrahin ang sitwasyon. Mabuti nga at hindi nakalabas sa ibang mga kaopisina ang ginawa niya. Malamang na kontrabida ang tingin sa kanya ng mga ito kapag nalaman ang nangyari.

Kung maibabalik sana niya ang mga pangyayari, magkakasya na lamang siya sa pagsulyap-sulyap nang palihim sa binata. At least, hindi nawala ang tiwala ni Zach sa kanya at hindi siya naging kahiya-hiya.

Bumalik sa isip ni Melrose ang mga pangyayari. Unang kita pa lamang niya kay Zachary Salveron ay naakit na siya nito. Hindi lang ito guwapo kundi napakabait din. Itinuring siya nitong isang malapit na kaibigan, sa kabila ng kaibahan ng estado nila sa buhay.

At sa araw-araw na pagsasama nila sa trabaho, hindi niya napigilang tuluyang mahulog ang loob dito. Lihim niyang pinagdudusahan tuwing nakikita ito na kasama ang nobya nito. At nang mabalitaan niyang engaged na ang dalawa, she was so broken-hearted. Hindi na niya naitago ang paghihirap ng kalooban, napansin na iyon ng mga kaibigan. And they devised a plan para masilo niya ang among minamahal.

Hinding-hindi niya malilimutan ang galit na galit na mukha ng binata…

*“Oh, God! How could this happen to me?” gigil na sabi ni Zach nang magising itong katabi si Melrose sa kama. Pareho silang walang mga saplot sa katawan. Nandoon sila sa isang cottage ng isang sikat na resort.*

*“Bakit parang galit ka pa?” aniya. Hindi niya ipahahalata rito na pakana niya ang lahat.*

*“Bakit hinayaan mong mangyari ang bagay na ito sa atin?” balik nito habang sinisimulang ayusin ang sarili.*

*“Pinipigilan kita pero ikaw itong may ayaw,” katuwiran niya.*

*Inis na napasabunot si Zach sa buhok nito. Hindi pa rin nawawala ang galit sa mukha nito. Marahil ay namumuhi ito sa kanya. “Alam mong malapit na akong ikasal.”*

*“Eh, di makipagkalas ka sa kanya,” tugon ni Melrose. Hindi niya alam kung saang lupalop niya napagkukuha ang tapang para sabihin iyon.*

*Napasuntok ito sa pader at marahas na napamura.“Hindi ko kayang umurong sa kasal namin nang ganoon lang! Hindi ko magagawang saktan si*

*Marivic! Sh*t! Ilang buwan na lang…" Seryoso na ang tono ng boses nito.*

*"At ano naman ang gagawin mo sa akin? Alam mong ikaw ang n-nakauna sa akin." Nagsimula rin siyang tumayo habang itinatapis ang kumot sa hubad na katawan.*

*Napabuntong-hininga ang binata. Kitang-kita niya sa mga mata nito na hirap na hirap itong magpasya. Litong lumabas na ito ng cottage na iyon.*

*At nang makalabas ito, hindi alam ni Melrose kung magtatatalon ba siya sa tuwa dahil naisagawa niya ang kanyang planong mapikot si Zach o malulungkot dahil sa nalamang hindi pala kaya ng lalaki na iwan ang nobya nito.*

*Mabibigo ba siya? Huminga siya nang malalim. Ayaw niyang mabigo! Pinagplanuhan nila iyon nang husto ng mga kaibigan.*

*Tinulungan siya ng grupo upang lasingin nang todo ang lalaki. Walang sinuman ang makakahalata sa kanilang ginawa dahil company outing iyon na nagkataong ginanap sa isang resort. Ang lahat ng mga empleyado, executives at pami-pamilya ng mga ito ay nagkakasayahan nang dalhin nila ang amo sa cottage nito.*

*Malinis nilang naisagawa ang plano kaya nga matagumpay ang pakiramdam ni Melrose.*

*Ngunit simula nang maganap ang bagay na iyon sa kanila ni Zachary ay hindi na ito nagpapasok sa opisina. Kung pumasok man ito ay siguradong nakainom ng alak. At madalas na nagtutulog lamang ito sa loob ng pribado nitong opisina, ayon na rin sa sekretarya nito.*

*Marami na itong nakaligtaang meeting sa mga kasosyo nito. Tambak din ang pipirmahan nitong papeles.*

*Si Melrose ay tahimik lamang sa kanyang puwesto bilang assistant operations manager ng kompanya. Ngunit alam niya na siya ang dahilan ng pinagkakaganoon ng boss. Marahil ay namomroblema ito nang husto kung paano lulusutan ang nangyari sa kanila. Ilang buwan na lamang at ikakasal na ito. At nahuhulaan niyang hindi pa nito naipagtatapat sa nobya ang 'nangyari' sa kanila. At siguro, binabagabag ito ng konsyensya.*

*Isang araw na nakita niyang tuluy-tuloy na pumasok si Zach sa opisina nito ay sinundan niya ito. Bahagya pa itong nagulat nang makita siya.*

*Hindi ito mukhang lasing nang araw na iyon.*

*Maayos ang pananamit nito at hindi nangangamoy-alak. Sa hitsura nito ay alam niyang makakapag-usap sila nang masinsinan.*

*"Bakit parang iniiwasan mo ako these past few days?" tanong ni Melrose. "Lasing ka pa lagi kung pumasok dito sa opisina," dagdag pa niya na animo siya ang boss nito at may-ari ng kompanya.*

*Walang-imik ang binata. Waring sinasasadya nitong abalahin ang sarili sa kung anong kinukutingting sa ibabaw ng mesa nito.*

*"Nagtataka na sa inaakto mo ang mga tauhan mo dito," patuloy niya. Para siyang inang nagsesermon sa anak. Ngunit walang pa rin itong imik, "Zach, kausapin mo naman ako, o." Siya na rin ang di nakatiis at nagsimulang lumapit dito.*

*Ngunit maagap na nakatayo ang lalaki at walang sabi-sabing pumasok ito sa comfort room na nasa loob mismo ng pribado nitong opisina.*

*Laglag ang mga balikat na lumabas si Melrose ng silid. Sa malamig na pakikitungo ni Zach sa kanya ay batid niyang hindi talaga siya nito gusto at hindi siya nito pipiliin bilang makakasama sa buhay.*

*Malinaw na wala itong pagtingin sa kanya. Bakit nga ba niya ididuldol dito ang ibig niyang mangyari?*

*At bakit din niya ipinagpipilitan dito ang pag-ibig niya na wala namang katugon? Hindi na siya dapat umasa.*

*At hindi rin niya kayang makitang nagdurusa si Zach dahil sa ginawa niya. Kaya nang magkaroon ng pagkakataon, kinausap ni Melrose ang lalaki at ipinagtapat ang katotohanan dito. Inamin din niyang wala talagang nangyari sa kanila at ketchup lamang ang mantsang nasa bedsheet noon.*

*Halos umusok ang ilong ng binata sa nalaman. Mas matindi pa ang galit na nabanaag niya sa mukha nito kaysa noong magising ito na magkasama sila sa iisang kama. Ganoonpaman, nangako siya sa sariling tatanggapin niya ang masasakit na sasabihin nito.*

*"Pinagkatiwalaan kita, Melrose," puno ng galit na hayag nito.*

*Siya naman ay tila napipi sa pagkakaupo sa silya sa harapan ng mesa nito. Totoo ang sinabi ni Zach. Pinagkatiwalaan nga siya nito, hindi lamang sa mga trabaho sa kompanya kundi maging sa mga personal nitong problema. Itinuring siya nitong isang tunay na kaibigan.*

*"I'm so sorry. Nagawa ko lamang naman iyon dahil m-mahal kita," pagtatapat niya upang huwag*

*itong tuluyang magalit.*

*Ngunit marahil, sarado na ang puso at isipan ng lalaki para muling ibalik ang pagtitiwala nito sa kanya.*

*"Magre-resign na lang ako," sabi ni Melrose upang basagin ang nakakabinging katahimikan sa pagitan nila. Ngunit wala pa ring sagot mula kay Zach. Nakakuyom lang ang mga kamay nito na tila nagpipigil na sakalin siya. Ipinasya niyang lumabas na sa opisina nito.*

*At dahil sa matinding hiya sa kanyang boss at higit pa sa sarili, nang araw ring iyon ay nag-file siya ng resignation.*

HILAM NA HILAM ng luha ang mga mata ni Melrose nang magbalik ang isip niya sa kasalukuyan. Masakit pa rin para sa kanya ang nangyari kahit hanggang ngayon.

Dahil sa mapait na karanasan ay napadpad siya sa Laguna. Ipinangako niya sa sariling hindi na siya muli pang babalik sa Manila. Naroon kasi ang mga bagay na nakakapagpaalala ng matindi niyang kabiguan sa lalaki.

Halos magkandapilipit siya sa pagpapaliwanag sa mga magulang sa ginawang pagre-resign sa trabaho. Lalo na nang sabihin niya na nais niyang manirahan sa Laguna. Idinahilan niyang sawa na siya sa trabaho at ibig niyang i-pursue ang pagtuturo, lalo pa at iyon talaga ang course na tinapos niya.

Hindi niya puwedeng ipagtapat sa pamilya ang tunay na dahilan; or else, siguradong pati ang sarili niyang ama at ina ay mamumuhi sa ginawa niya. Sa kapipilit ay napapayag din niya ang mga magulang. At ipinagpasalamat niya iyon nang labis sa Diyos.

Papangatawanan niya ang mga nasimulan dito sa Laguna. Maayos naman ang kalagayan niya rito, kahit malayo sa mga magulang at mga kaibigan… kahit malayo kay Zach. Ang importante sa kanya ay maligaya ang taong pinakamamahal niya.

Naisip niya si Ramil. Kahit kaunting panahon pa lamang silang nagkasama, masasabi niyang napakabait na tao ng guro. Hindi niya naramdamang nag-take advantage ito sa kanya minsan man sa madalas nilang pagkakasama.

Ano nga kaya kung ibaling na lamang niya sa mabait na binata ang pagtingin kay Zach? Marahil tama ang kanyang mga kaibigan. Na ang gamot sa pusong sugatan ay isa pang pag-ibig.

Tutal wala na siyang aasahan pa sa dating boss. Ikakasal na ito kaya dapat na niyang kalimutan ang nangyari noon. Panahon na para maghilom ang sugat at maging maligaya na rin siya. At iyon ay sa piling ni Ramil. Tulad ni Zach sa piling ni Marivic.

# 2

Nang sumunod na araw, lumuwas na rin ang mga kaibigan ni Melrose pauwi ng Maynila. Hanggang nang pasakay na ang mga ito sa van na dala, panay pa rin ang diga ng grupo kay Ramil para sa kanya.

Tila natutuwa naman ang lalaki dahil ramdam na ramdam nito na boto rito ang mga kaibigan ng dalaga. Siya naman ay napapangiti lang. Napagdesisyunan na niyang sagutin ang manliligaw sa araw na iyon.

Nang inimbita siya ng lalaki na mag-dinner sa labas nang gabing iyon ay pumayag siya. At sinagot na nga niya ito. Masayang-masaya si Ramil sa pasya niya. Kitang-kita sa mga mata nito ang pagmamahal para sa kanya.

Sa isip ay nakausal ng isang panalangin si Melrose. Na sana ito na ang maging simula ng tuluy-tuloy niyang kaligayahan. Kahit hindi sa piling ni Zach. Alam niya na matututunan din niyang mahalin ang mabait na guro.

Lumipas ang mga araw at nag-e-enjoy naman siya sa company ng nobyo. Pero parang may kulang

pa rin na hindi niya matukoy kung ano.

Isang araw na inihatid siya ni Ramil sa kanyang bahay ay umalis din kaagad ito. Kailangan na rin daw niyang makapagpahinga. Dahil wala siyang gagawin ay binalak niyang matulog nang maaga.

Nagpalit siya ng damit-pantulog, pagkuwa'y nahiga na sa kama. Pero hindi siya nakatulog kaagad. Minabuti niyang panoorin ang pagbuhos ng ulan mula sa bintana ng kanyang silid at nagmuni-muni. Alam niyang nang araw na iyon ay ginanap ang kasal nina Zach at Marivic. At marahil sa oras na iyon ay nasa honeymoon na ang dalawa. Parang piniga ang puso niya sa kalungkutan.

Ngunit naputol ang kanyang pag-iisip nang mapansing isang kotse ang biglang pumarada sa tapat ng bakuran niya. Nagkandahaba ang kanyang leeg upang kilatisin kung sino ang panauhin.

Ganoon na lamang ang pagkabigla niya nang bumaba buhat doon ang isang lalaki. Si Zach! Nakasuot ito ng barong Tagalog at hindi ininda ang malakas na buhos ng ulan. Nagmamadali ang mga hakbang nito palapit sa pinto niya. Napaalis ang dalaga sa bintanang dinudungawan.

Ano kaya ang posibleng kailangan sa kanya ng

dating boss?

Malalakas na katok ang narinig niya sa labas. At tipong galit ito dahil sa paraan ng pagkatok. Para tuloy natakot na siyang pagbuksan ito. Pababayaan na lang kaya niya? Ngunit naalala niya ang mga kapitbahay. Nakakahiya kung patuloy na mambubulabog ang lalaki. Ipinasya niyang pagbuksan ito.

Ibig niyang magsisi nang buksan niya ang pinto at galit na mukha ni Zach ang sumalubong sa kanya.

"Bakit mo ginawa iyon? Akala ko ba ay nagkaintindihan na tayo?" furious na tanong nito.

Isinarado muna ni Melrose ang pinto bago ito hinarap. Nahihiya siya sa mga kapitbahay na maaaring makarinig sa malakas na boses ng lalaki.

"Hindi kita maintindihan, Zach." Nalilito siya sa bigla nitong pagsugod sa kanyang teritoryo.

Sa isang iglap ay nakalapit ito sa kanya. Mariing hinawakan nito ang kanyang braso. Basang-basa ang binata pero hindi nito alintana iyon.

"Bakit mo hinadlangan ang kasal namin ni Marivic?" gigil na tanong nito na lalo niyang ikinabigla.

"Hindi ko alam ang mga sinasabi mo,

Zach," aniyang nagpapaunawa. Mahigpit ang pagkakahawak nito at talagang nasasaktan siya. Idagdag pa ang pangit na pagtrato nito sa kanya.

Waring naawa ito. Binitawan siya nito at parang pusang di-makali na nagpalakad-lakad sa sala.

"May pumunta kanina sa simbahan habang ikinakasal kami ni Marivic. Nang sabihin ng pari kung sino ang tumututol, biglang tumayo ang isang babae. Kaibigan mo raw siya at hindi kami puwedeng maikasal ni Marivic dahil mayroon na akong nabuntis na ibang babae. At ikaw raw iyon," pahayag ng binata.

Napamaang si Melrose sa nalaman. Sinong kaibigan kaya ang tinutukoy nito? Hindi naman iyon gagawin nina Evelyn nang wala siyang abiso. Isa pa, nang maghiwalay silang magkakaibigan noong araw na babalik na ang grupo sa Maynila, masaya na ang mga ito na may Ramil na nagmamahal sa kanya.

"Inutusan mo daw siya na pumunta roon at guluhin ang aming kasal." Nagtatagis ang mga bagang ni Zach.

"W-wala akong inuutusang kaibigan para guluhin ang kasal ninyo," salungat niya.

"At sino pa kaya ang walang-pusong gagawa

noon?"

"Zach, maniwala ka sa akin. Hindi ko alam ang sinasabi mo," mahinahong turan niya.

"Pero ikaw ang tinuro niya," giit nito.

Lumunok si Melrose dahil pakiramdam niya ay may bikig na nagbabara sa kanyang lalamunan. "Hindi ko alam kung bakit ganoon. H-hayaan mo, tutulungan kitang malaman kung sino ang may pakana ng lahat ng ito," walang nagawang sabi niya.

Nakakunot ang noo nito. "Huwag na at baka lalo pang gumulo ang pangyayari," asik nito.

Napabuntong-hininga na lamang ang dalaga. Nagtungo siya sa silid upang ikuha ito ng tuwalya. Basang-basa ang suot nitong barong Tagalog. Hindi maipagkakailang galing ito sa simbahan.

Habang nagpupunas ang dating boss ay naisip niya kung gaano ang layo ng biniyahe nito matunton lamang siya. At nalulungkot siyang isipin na siya kaagad ang unang pinagbintangan nito.

Ibig na sana niyang umiyak. Ngunit ayaw niyang makita iyon ng binata.

Nagulat pa siya nang muli itong magsalita. Ibinalibag nito ang tuwalya na pinagamit niya.

"Aalis na ako, pero hindi ako makakapayag na hindi ka maparusahan sa ginawa mong ito. Babalik ako dito at maghanda ka sa parusang ibibigay ko sa 'yo," marahas na pahayag nito bago lumabas ng bahay.

Pabagsak na napaupo sa sofa si Melrose. Alam ng Diyos na inosente siya sa akusasyon ni Zach. Pero paano ba niya iyon mapapatunayan sa lalaking naniniwala na siya lamang ang makakagawa ng ganoong bagay rito?

Naisip niya ang mga kaibigan. Ang mga ito kaya ang may pakana sa nangyari sa simbahan?

Bukod doon, paanong nalaman ni Zach ang address niya rito sa Laguna kung hindi nito iyon nakuha sa kanyang mga kaibigan? Alangan namang sa magulang niya iyon nakuha ng binata?

Kung nagkagayon nga, siguradong hindi lamang ito ang susugod sa kanya. Maging ang ama niya ay pupuntahan din siya at pagagalitan kung malaman nito ang nangyari sa simbahan.

Nagmamadali niyang nilapitan ang telephone. Una niyang tinawagan ang numero ni Leovy. Inamin nitong ito ang nagbigay ng address niya kay Zach nang iutos ng lalaki na ibigay iyon, pero wala umano

itong alam tungkol sa babaeng tumutol sa kasalan. Hindi rin umano ito um-attend ng seremonya dahil inis ito sa bride.

Sumunod niyang tinawagan si Sarah.

"Sayang at wala ka doon. Nakita mo sana kung gaano na ka-scripted ang mga pangyayari," anito. Nagtaka siya sa sinabi nito.

"Anong scripted?" maang niyang tanong.

"Mahabang istorya. Pero malaki ang hinala ko na ginamit ka lamang ng babaeng iyon," gigil na turan nito.

"Nakilala mo ba siya?"

"Tiningnan ko siyang mabuti para makilala kung sino siya. Kaso todo ang makeup niya. Malamang na iyon ang ginawa niyang pang-disguise."

"Ganoon ba?" aniyang tila nalungkot sa isiping malabong makilala pa nila ang misteryosang babae, at malinis ang pangalan niya.

"Maging si Zach ay hinahanap iyon, subalit nawala na lang na parang bula ang babaeng iyon."

"Si Marivic, kumusta naman siya ngayon?" tanong ni Melrose na totoong nakikisimpatya sa

naging kaganapan ng kasal nito kay Zach. Kahit batid niyang ito ang matindi niyang karibal sa pagmamahal ng lalaki ay nalulungkot pa rin siya sa naging kasawian nito.

"Habang nagsasalita ang babaeng impostor ay walang tigil sa kakaiyak si Marivic. At hindi lang iyon, nagtatakbo pa ito palabas ng simbahan. Hinabol siya ni Bossing kaso hindi na inabutan. Ang sabi ng iba ay nakasakay na daw agad sa taxi. Pero hindi ako naniniwalang ganoon," pagkukuwento ni Sarah. Nangunot naman ang noo niya.

"Ano'ng ibig mong sabihin na hindi ka naniniwalang ganoon?"

"Scripted ang nangyari. Wala sa ating magkakaibigan ang nagplano ng ganoon. Hula ko, isa sa mga naging katipan ni Marivic o ni Boss na hindi pa rin tanggap ang pag-aasawa nila ang mastermind nito."

Hindi nakasagot si Melrose. Alam niyang hindi magagawa ng isa man sa mga kaibigan niya na ipahamak siya.

"Hayaan mo, friend. I'll get to the bottom of this," determinadong pangako nito. Naniniwala siyang matutulungan siya ni Sarah dahil may detective

agency na pag-aari ang pamilya ng boyfriend nito.

May gumamit sa pangalan niya! At kung sinuman ito, pagbabayarin niya ito nang mahal. Dahil sa walanghiyang iyon ay lalong nagalit si Zach sa kanya. Inihahanda na ng lalaki ang parusa sa kanya.

At bunga rin niyon, labis-labis ang nadarama niyang takot. Takot para sa sarili… dahil baka malaman ng mga magulang ang nangyari.

Batid niyang maaaring maungkat ang tangka niyang pagpikot sa dating boss noon. At kapag nangyari iyon ay tiyak na kamumuhian siya nang labis ng mga magulang at kapatid. Bagay na ayaw na ayaw niyang mangyari. Tiyak kasi na itatakwil siya ng mga ito. Kilalang maprinsipyo ang kanyang ama.

# 3

Habang daan ay walang-imik si Melrose. At hindi iyon nakaligtas sa mapanuring mga mata ni Ramil.

“May problema ba?” masuyong tanong nito. “Wala ka kasing imik kanina pa. Siguro’y may problema ka.”

Lumingon siya rito at tipid na ngumiti. “Wala. Napagod lang ako sa maghapong pagtuturo,” aniya.

“Huwag kang mahihiyang magsabi sa akin ng mga problema mo, ah?” Ngumiti ang nobyo.

At kahit abala ito sa pagmamaneho ay humilig siya sa balikat nito upang ipadama ang pasasalamat sa kabutihan nito. Paano na lang kaya ang gagawin niya kung nagkataong walang isang tulad nito sa buhay niya? Isang tao na handang magbigay ng mga balikat nito para iyakan niya at hingahan ng sama ng loob.

Inalalayan siya ng binata nang makarating sila sa kanyang bahay. Nang makapasok na sila sa loob ay ito pa mismo ang nagtimpla ng gatas niya para madali umano siyang makatulog. At natutuwa siya

sa pagiging maasikaso ng katipan. Pagmamahal na lamang niya talaga ang kulang sa kanilang pagsasama at masasabing perpekto na ito.

“Salamat,” ani Melrose nang idulog ng binata ang baso ng gatas. Minsan pa ay ngiti lamang ang itinugon nito.

“Gusto mo bang imasahe ko ang noo mo para mawala ang pagod mo?” suhestyon pa nito.

Napangiti na siya nang husto. Pagdaka ay lumapit siya sa kinauupuan nito at masuyong ginulo ang buhok nito. “Ikaw ang magpahinga dahil kagagaling mo lang sa outreach program n’yo,” sabi niya.

Niyakap siya ni Ramil. Pagdaka ay hinalikan siya sa labi nang mabilis. “At paano ako makakapahinga kung nakikita kitang ganyang kaseryoso na para bang pasan mo ang daigdig? Tell me, may problema ka ba at ayaw mo lang na ipagtapat sa akin?”

“Wala akong problema. At g-gabi na, Ramil. Maaga pa tayo b-bukas.” Nag-aalala siyang baka mahalata nitong umiiwas lang siya sa mga halik nito.

Saglit lang ang lungkot na bumalatay sa mukha nito. Ngumiti ito. “Okay, nakalimutan kong napagod

ka nga pala sa pagtuturo."

"At ikaw din po," susog niya.

Isang beses pa, humalik ito sa kanya. Ipinagpapasalamat niyang sa pisngi na lamang iyon. Inihatid niya ng tanaw ang binata hanggang sa makasakay ito sa sasakyan nito.

Muling pumasok sa bahay si Melrose nang makalayo na ito. Siniguro niyang naka-lock ang lahat ng pinto at bintana.

Handa na sana siyang magtungo sa kanyang silid nang may marinig siyang kumakatok. Kunot-noong nagtungo siya sa front door. Naisip niyang marahil ay may nakalimutang ibilin si Ramil sa kanya. Napailing siya sa pagiging malilimutin nito.

"Ano ba ang nakalimutan mo't bum—" Daig pa niya ang nakalulon ng sariling dila nang mapagsino ang lalaking kumakatok. Hindi iyon si Ramil kundi si... Zach!

Tuluy-tuloy na pumasok ang dating boss sa loob ng kanyang bahay kahit hindi pa niya ito pinatutuloy. Gusto sana niya itong sitahin ngunit pinigil niya ang sarili.

"Ano'ng kailangan mo?" tanong niya.

“Hindi mo man lamang ba ako pagmemeriendahin? Samantalang iyong bisita mo kanina ay may libre pang halik sa ’yo,” anitong waring pinipigil lang ang galit na kumawala.

Napakunot-noo siya. Si Ramil marahil ang tinutukoy nito. Kung ganoon, kanina pa pala sila nakikita ng lalaking ito? Pero ano ang masama kung nagpahalik siya? Boyfriend niya ang lalaking tinutukoy nito. At natural sa magkatipan ang ganoong mga bagay.

“Kung si Ramil ang tinutukoy mo, boyfriend ko siya kaya ganoon.” Humalukipkip siya sa tapat ng pinto matapos isara iyon.

“Ah, ganoon? At ako ay hindi, ganoon ba?” nanunuyang tugon nito. Nakita niyang tumalim ang mga tingin nito sa kanya.

“A-ano ba’ng k-kailangan mo?” Medyo naalarma na siya nang makita ang pagdilim ng mukha nito.

“Sinabi kong babalik ako, di ba? At narito ako para maningil sa ’yo,” turan nitong seryosong-seryoso.

Ilang ulit siyang napalunok lalo na nang magsimulang lumapit sa kanya ang binata. Bago pa siya nakaisip ng paraan kung paano makakaligtas

sa pag-atake ng dating boss ay nasukol na siya nito. Nahagip siya nito at mabilis na naikulong sa matitipuno nitong bisig.

"Ang gusto ko'y durugin ka sa aking mga kamay dahil sinira mo ang buhay ko. Nang dahil sa ginawa mo ay ayaw nang makipagbalikan sa akin ni Marivic," gigil na sabi nito.

"Zach, ilang beses ko bang sasabihin sa 'yo na wala akong alam sa sinasabi mo," aniyang halos magmakaawa.

He gently touched her cheek. "Huwag kang mag-alala. Hindi mahirap ang ipaparusa ko sa 'yo. Ang gusto kong mangyari ay magpakasal ka sa akin," anito na ikinatulig ng tainga niya.

"Hindi maaari ang sinasabi mo!" tutol niya.

"Bakit? Hindi ba't iyon naman talaga ang matagal mo nang gusto?" nanunuyang sabi nito.

Napahumindig si Melrose. Nagpumiglas siya sa pagkakahawak nito at nakawala rin siya. Humihingal siya nang muling magsalita. "No way! Hindi ako makakapayag sa nais mo!"

Minsan pa ay dumilim ang mukha ng kaharap. Nais sana niyang tumakbo ngunit mas mabilis

ito. Nagawa nitong mayakap siya muli. Nang magpumiglas siya, lalong humigpit ang kapit nito sa kanya. Animo bakal iyon na ipinulupot sa buo niyang katawan. At nasasaktan siya sa ginagawa nito.

"P-please, Zach. Let m-me go," nanginginig ang tinig na pakiusap niya.

Tiningnan lang siya nito nang masama. "At bakit ayaw mong magpakasal tayo, huh? Dahil ba sa uhuging lalaking iyon kanina?"

"Zach, hindi tayo puwedeng ikasal. Hindi natin—"

"Magpapakasal ka sa akin at walang makakapigil sa akin na gawin ang bagay na ito. Ito lamang ang alam kong paraan para maparusahan ka habang-buhay. Gusto kong maging miserable ang buhay mo sa poder ko," mahabang litanya nito na lalong nakasugat sa kanyang puso. Nakakalungkot isipin na inaalok siya nito ng panghabang-buhay na dusa at hindi saya, na tulad sana ng pangarap niya noon.

"Kaya ngayon pa lamang ay putulin mo na ang ugnayan n'yo ng lalaking iyon," dagdag pa nito.

Umiling siya. "H-hindi ko magagawa. Napakabait ni Ramil para—"

"Napakabait din ni Marivic pero ginawan mo ng kasamaan," putol nito sa iba pa niyang sasabihin.

"Zach, please, iba na lang ang hilingin mo," she begged. Yakap pa rin siya nito kaya habol niya ang paghinga.

He just looked intently into her eyes… then slowly, his gaze moved to her lips. Her heart skipped a beat. At lalo yatang natupok ang kanyang paghinga nang walang babalang siniil siya nito ng halik sa labi.

Iyon ang kauna-unahang paghalik sa kanya ni Zach. Ngunit hindi sa ganoong paraan ang pinangarap niya noon. It was hard and uncaring, at parang gusto na niyang mapaluha.

Ngunit biglang nagbago ang paraan nito ng paghalik; bumagal at naging masuyo iyon na animo naghahanap ng tugon galing sa kanya. Para kay Melrose, kay hirap tanggihan ang wari ay naninikluhod na mga labi nito. Walang inhibisyong tinugon niya ang halik na iyon.

Dahil doon, lalo pang naging mapusok ang lalaki. Waring hindi na ito kontento sa pinagsasaluhan nila. Inihiga siya nito sa sofa, kasunod ang katawan nito habang tila walang-sawang sumimsim sa bibig niya.

Para siyang aatakihin sa puso sa sobrang saya na lumukob sa kanya.

She knew he wanted more; naramdaman iyon ni Melrose dahil sa matigas na bagay sa pagitan ng mga hita nito na idiniin ng lalaki sa puson niya. At siya man ay ganoon din ang nararamdaman. Buyung-buyo na siya sa kanilang halik nang mag-ring ang telepono.

Noon natauhan ang dalaga. Dahil malapit lamang sa kinapapatungan ng telepono ang kinahihigaan nilang sofa ay dinampot na niya ang receiver. Bahagya niyang itinulak si Zach ngunit patuloy pa rin itong humahalik. Pinupuntirya nito sa kasalukuyan ang itaas na bahagi ng kanyang dibdib na bahagyang nakalabas dahil sa mababang neckline ng pang-itaas niya. Napasinghap siya.

"H-hello?" pigil ang hingal na sagot niya sa telepono.

"Hello, honey, it's me," tuwang bati ng nasa kabilang linya. Tila siya binuhusan ng tubig.

"R-Ramil?" Bigla siyang nataranta. Napahinto naman si Zach sa ginagawang paghalik sa kanyang cleavage at nakakunot ang noong tiningnan siya. Gayunpaman, hindi ito umalis sa pagkakadagan sa

kanya. Instead, he resumed kissing her, starting on her neck.

"I'm sorry, nagising pa yata kita. I just want to know if you're okay," anang katipan.

"H-ha? Y-yes, I'm fine." Nakagat niya ang labi upang pigilin ang ungol na muntik nang lumabas sa bibig niya. Itinulak niya si Zach na kumakagat ngayon sa tainga niya, pero hindi pa rin ito nagpapigil.

"Melrose, honey, okay ka lang ba d'yan? Ano'ng nangyayari sa 'yo?" nag-aalalang tanong ni Ramil sa kabilang linya.

Bago pa niya iyon nasagot ay naagaw na ni Zach ang telepono mula sa kanya. "Call later, okay? We're busy now," anito sa nakakainis na tono bago ibinaba ang receiver.

Pabiglang itinulak niya sa dibdib ang lalaking nakadagan sa kanya. "Bakit mo ginawa iyon? Bakit mo sinabi iyon kay Ramil?" inis na inis na tanong niya.

Tumaas ang mga kilay nito. "Ano'ng masama?" Parang hindi ito nadala sa pagtataray niya. Walang pagmamadaling tumayo ito at ibinutones ang suot na polo.

Bahagyang nanlaki ang mga mata niya. Siya ba ang nagtanggal ng mga iyon?

Ngunit sinansala muna niya ang isiping iyon. Galit siya dahil sa inasal nito sa katipan niya.

"Ano'ng masama? God, Zach! Boyfriend ko 'yung tao! Ano na lang ang iisipin niya?"

"Bahala siyang mag-isip kung ano'ng gusto niya. Tutal ay ikakasal ka na naman sa akin, di ba?" Kalmanteng umupo ito sa tabi niya.

Umiling siya nang ilang ulit. "Hindi pa ako pumapayag sa gusto mo!"

"Ganoon ba?" Ngumisi ito. "Pero nagpahalik ka na sa akin at kung hindi tumawag sa telepono ang uhugin mong boyfriend, baka kung saan na tayo nakarating."

Nag-init ang mga pisngi ni Melrose. "Hindi pa rin ako pumapayag," giit niya.

"Hindi ko hinihingi ang desisyon mo, honey. Pumayag ka man o hindi, tuloy ang kasal natin," saad nitong inabot pa ang baba niya at pinisil. Mabilis niyang pinalis ang kamay nito.

Napantastikuhan siya nang tuluyan sa ibig nitong mangyari. At ginagalit siya nito nang todo-

todo.

Noon ay madalas niyang pangarapin na sana ay ikasal sila. Pero hindi ganito. Pakakasalan lamang siya ni Zach dahil ibig siyang pagbayarin sa kasalanang hindi niya ginawa.

"Nasa akin ang lahat ng alas para pumayag ka na magpakasal sa akin," anito pagdaka.

Napakunot-noo siya. "Anong alas?"

"Kapag hindi ka nagpakasal sa akin, malalaman na ng parents mo ang tungkol sa pag-attempt mong pikutin ako. Lalo na siguro kapag idinagdag ko pang ikaw ang may pakana kaya hindi natuloy ang kasal ko."

Parang bombang sumabog sa kanyang pandinig ang mga binitawang salita ni Zach. Hindi niya kailanman naisip na maaaring gawing pang-blackmail sa kanya ang kalokohang nagawa niya noon… at ang ibinibintang nitong ginawa niya.

"You can't do that to me! You wouldn't dare!" tungayaw ni Melrose. Ganito na ba kasama ang lalaking iniibig niya o nahawa lamang ito sa kanya? God! Nagsisisi na nga siya sa kasalanan niya sa dating boss. Bakit kailangang mangyari pa ito?

"Of course I can… and I dare," anito. "Ngayon, kailangan ko bang sabihin sa kanila lahat ng kalokohang ginawa mo o ngayon pa lang ay pumapayag ka nang pakasal sa akin?"

Nagngingitngit si Melrose. Ngunit may magagawa ba siya? Labag man sa kalooban niya ay natagpuan niya ang sarili na pumapayag sa nais nito. "I hate you," mariing saad niya.

Ngumisi ang kaharap. Alam nitong pagsang-ayon ang kahulugan ng sinabi niyang iyon. Naramdaman niyang umusod papalapit sa kanya ang binata. "Ganyan nga. Mabuti naman at hindi ka mahirap kausapin."

Muli nitong itinaas ang mukha niya at ginawaran siya ng halik sa labi, masuyo at maalab. Minsan pa ay tila ibig niyang magpatangay sa damdaming iyon ngunit kusa iyong naputol. Huminto na si Zach sa paghalik sa kanya.

"Mukhang mas magaling akong humalik kaysa sa boyfriend mo, ah. Parang gusto mo pang humingi ng laksa-laksang kasunod kapag hinahalikan kita." Ngising-demonyo ang kumag habang dinadama ang halos namamaga niyang labi.

Ikinainis niya iyon ngunit mas lamang ang

galit niya sa sarili. Bakit kasi hindi niya mapigilang tumugon sa mga halik nito?

Tumayo na ito. "Aalis na ako. Hindi ko alam kung kailan ako makakabalik. Magiging abala ako this week dahil aasikasuhin ko ang nalalapit nating kasal," anito bago lumabas ng kanyang bahay.

Saka lamang nakapag-isip si Melrose nang wala na ang lalaki. Hindi niya alam kung paano lulusutan ang forced marriage na gusto nito. Pakiramdam niya, siya naman ang pinipikot ngayon!

SINADYA NI MELROSE na huwag nang paabot kay Ramil sa bahay. Batid niyang magtatanong ito tungkol sa lalaking nakausap nito sa telepono nang nakaraang gabi. Kaya maaga pa lang ay umalis na siya.

Isa man sa kanyang mga kaibigan ay wala siyang pinagsabihan ng problema. Nalilito pa rin siya hanggang ngayon. Isa pa, nag-aalala siya sa damdamin ni Ramil. Ayaw niyang saktan ito. Naging napakabait nito sa kanya.

Ang ibig niya sana ay makapag-isip muna ng magandang sasabihin sa binata bago makipagkita rito.

Pansamantala, itinuon niya ang isipan sa pagtuturo.

Biglang nag-ring ang kanyang cellphone. Walang pangalang nakasaad doon kundi numero lamang. Lalabas sana siya ng classroom upang sagutin iyon, ngunit natawag ang pansin niya ng isang estudyante.

Mayroon itong nais itanong tungkol sa itinuro niyang lesson kaya inignora na lamang niya ang tumawag. Hindi siya lumabas ng silid-aralan at sinimulang sagutin nang maayos ang nais maintindihan ng kanyang mag-aaral.

Mabilis na tumakbo ang oras. Sa wakas ay uwian na. Nagmamadaling sumakay ng jeep si Melrose pauwi sa kanyang bahay. Hindi siya dapat makita ni Ramil.

Ibig na niyang makahinga nang maluwag nang makarating sa loob ng kanyang tahanan nang walang aberyang nangyayari. Hindi siya nakita ng katipan.

Alam niyang kaunting oras pa ay susulpot din ito sa bahay niya. At unti-unti na nga siyang nakakaisip ng sasabihin dito.

Ilang sandali pa at narinig niyang may humintong sasakyan. Pagkatapos niyon ay ginambala siya ng mga katok sa pinto. Batid niyang si Ramil iyon kaya

hindi siya nagdalawang-isip na pagbuksan ito.

Ngunit hindi ang nobyo ang nabungaran niya kundi si Zach. Nagtaka siya dahil ang sinabi nito nang nakalipas na gabi, magiging abala ito sa pagsasaayos ng kanilang kasal. Bakit narito na kaagad ito ngayon?

Ngunit bago niya masagot ang tanong na iyon ng kanyang isip ay tila imbestigador na inusisa siya ng lalaki habang papasok ito sa loob ng bahay niya.

"Bakit hindi mo sinasagot ang mga tawag ko, ha? Saan ka ba nagpupunta? Huwag mong sabihing kasama mo na naman ang lalaking iyon?"

Isinara muna niya ng pinto. Bakit ba lagi na lamang ganito ang bungad sa kanya ng binata? Palaging galit. Nais din sana niyang magalit pero pinigil niya ang sarili.

Isa pa, ilang minuto na lang ay maaaring dumating na si Ramil. At ayaw niyang magtagal ang pag-uusap nila ni Zach.

"Saan ka ba galing? Tumawag ako sa landline mo pati sa cellphone mo pero hindi mo rin sinagot," dagdag nito nang hindi siya kumibo.

"Wala talaga ako dito maghapon dahil nagtuturo

ako sa eskuwelahan," tugon niya na ikinabigla ng lalaki.

"Kailan ka pa naging teacher?"

"Hindi na iyon mahalaga. Bakit ka narito?" usisa ni Melrose.

Ngunit kahit anong lamig yata ng tono niya ay hindi ito tinatablan. Manapa ay lumapit ito sa kanya at kinabig siya payakap.

"Bakit? Hindi ka ba masaya na naririto ako?" malambing na tanong nito. At nagsimula itong halikan siya sa leeg.

Handa na sana siyang magpumiglas nang makarinig sila ng pagkatok sa pinto kasunod ang boses ni Ramil. Napahumindig siya. Ayaw niyang makita sila ng kasintahan sa ganoong ayos.

Naningkit ang mga mata  ni Zach. "At hindi ka pa rin pala nakikipagkalas sa kanya, huh?" galit na sumbat nito.

"Hindi kami nagkita kanina kaya hindi ko nasabi kaagad."

"Puwes, ngayon din ay putulin mo ang ugnayan n'yo ng lalaking iyon." Utos iyon at hindi pakiusap. Minsan pa ay gusto niyang mainis dito. Ngunit

tumango na lamang siya.

Naupo na ito sa sofa at pinagbuksan na niya ng pinto si Ramil. Hindi kaagad napansin ng bagong dating ang kanyang bisita kaya sabik pa itong yumakap kay Melrose.

Narinig nilang may tumikhim. Saka pa lamang napansin ni Ramil ang taong nakaupo sa sofa.

“Oh! May bisita ka pala. Siguro siya ’yung nakasagot ng telepono kagabi,” nakangiti pang saad ng kanyang nobyo. Nakaakbay pa ito sa kanya kaya minsan pa ay nakita niyang nangunot ang noo ni Zach sa pagkakatingin sa kanila. “One of your friends, honey?” tanong nito.

Tumayo ang dati niyang boss. “Hi, I’m Zach, Melrose’s fiancé,” di-nakatiis na pagpapakilala na nito sa sarili.

Napahawak ang dalaga sa kanyang ulo na waring ibig mabiyak nang sandaling iyon. Hiyang-hiya siya kay Ramil na nabigla sa narinig. Napakalas tuloy ito ng akbay sa kanya.

Samantala, kampante pang inalahad ni Zach ang kamay sa lalaki. Nang hindi tanggapin ng kanyang nobyo ang pakikipagkamay nito ay kibit-balikat na ipinamulsa na lamang nito iyon.

"Totoo ba ang sinasabi niya, Melrose?" puno ng pagdaramdam na tanong ni Ramil sa kanya.

Ibig na ibig niya iyong tutulan, ngunit nang mapatingin siya kay Zach ay napatango na rin siya. Nagbabanta kasi ang mga tingin ng huli sa kanya.

"Bakit nagawa mo ito sa akin?" Punung-puno ng pagdaramdam ang mukha nito. Hindi siya kaagad nakakibo. Marahil hindi ito nakatiis sa sakit na nadarama dahil sa kanyang 'pagtataksil' kaya mabilis na nakalabas ng bahay niya.

"R-Ramil!" tawag niya. Balak sana niya itong sundan ngunit maagap na napigilan siya ni Zach sa kaliwang braso.

"Ngayon alam mo na kung gaano kasakit ang mapawalay sa taong minamahal," nanunuya nitong saad.

Napaluha na lamang si Melrose. Ano pa ba ang magagawa niya? Nasaktan niya ang lalaking naging mabait sa kanya.

# 4

"Ano ba'ng sadya mo talaga?" tanong ni Melrose kay Zach nang hindi pa rin umalis ang buwisita.

Gabi na at nais na niyang magpahinga. Isa pa, ibig niyang kausapin si Ramil tungkol sa nangyari. Tatawagan niya ito sa telepono ngayong gabi. Ngunit sa malas ay tila walang balak si Zach na lisanin ang bahay niya.

"Umalis ka na. Magbibiyahe ka pa pauwi, baka nakakalimutan mo," paalala niya.

"Sino ba'ng may sabi sa 'yo na uuwi pa ako? Dito ako matutulog," anito na totoong ikinabigla niya.

"Dito? At bakit dito?"

"Alangan namang magbiyahe pa ako ng ganitong oras? Aantukin lamang ako sa pagmamaneho."

"Pero, Zach, hindi ito Manila kung saan puwedeng magpalipas ka ng gabi sa ibang bahay. At isa pa, teacher ako!" Gusto na naman niyang mapikon dito.

"So, ano'ng pakialam nila kung matulog man ako dito? Ikakasal na tayo, remember?" Naglakad

ito patungo sa kanyang silid-tulugan.

"Sandali, saan ka pupunta?" maang niyang tanong.

"Sa kuwarto. Bakit hindi ba kuwarto ito?" turo nito sa isang pinto.

"Kuwarto nga iyan pero hindi ka puwedeng diyan matulog." Hinarang niya ang sarili sa daraanan nito.

Bahagya siyang hinawi ni Zach upang makadaan. Pinihit nito ang seradura upang buksan ang pinto ng silid at makapasok doon.

"Don't worry. Okay lang sa akin kung isa lang ang kama mo. Willing naman ako kahit mauna ang honeymoon bago kasal." Nakakalokong ngumiti sa kanya ang binata.

"You're impossible!" asik niya.

Sa sobrang inis ay pumasok na rin si Melrose sa silid, ngunit kinuha lamang niya ang isang unan at kumot at muling lumabas.

Inilagay niya ang mga iyon sa mahabang sofa. Mas gusto niyang lamukin na lamang kaysa makalapit ang binatang nanakit sa damdamin nila ni Ramil.

"Sigurado ka bang mas gusto mo d'yan kaysa dito sa loob?" narinig niyang tanong ni Zach. Ngunit hindi niya ito pinansin. Walang salitang nahiga siya sa sofa at nagkumot.

Ang akala niya ay tumahimik na rin ang lalaki, ngunit nagulat siya nang magsalita ito sa bandang ulunan niya.

"Kapag kasal na tayo ay hindi na puwede ang pag-iinarte mo nang ganyan. Sinasabi ko sa 'yo ngayon pa lang na kukunin ko ang kung ano'ng dapat na para sa akin," seryosong saad nito at muling pumasok sa silid.

Napaiyak si Melrose. Bakit ba ang ilap-ilap sa kanya ng kaligayahan sa pag-ibig? Akala niya ay liligaya na siya kay Ramil, iyon pala ay hadlang pa rin si Zach. Kailan ba matatapos ang paghihirap niya at ang resulta ng ginawa niyang kalokohan noon?

Nakatulog siyang taglay pa rin ang kalungkutan sa puso.

NAGISING SI MELROSE na tila may mabigat na bagay na nakadagan sa kanyang pagkakahiga. At ganoon na lamang ang pagkabigla niya nang mamulatan si Zach... nakaibabaw ito sa kanya! Bago

pa siya makapagsalita ay naselyuhan na kaagad ng binata ang mga labi niya ng nag-aalab nitong halik.

"Good morning…" anito pagkatapos.

Saka pa lamang siya tila nahulasan. Nag-ipon siya ng lakas at marahas na itinulak ang lalaki. At dahil hindi ito handa sa pag-atake niya ay nalaglag ito mula sa sofa.

"Ouch! Why did you do that?" salubong ang mga kilay na tanong nito habang iinot-inot na bumangon mula sa pagkakabagsak sa sahig.

"Kasalanan mo. Pinagsasamantalahan mo ako!" galit niyang sagot at mabilis ding nakabangon. Inis na hinarap niya ito.

Nakatitig sa kanya si Zach pagdaka ay ngumiti. Naiiling na naglakad ito patungo sa kusina.

Lalo siyang nainis sa inasal nito. Hindi man lamang ba ito hihingi ng paumanhin sa paglapastangan sa kanya? Para na nga siyang bulkan na anumang oras ay handa nang sumabog, ngunit hindi pa rin ito alintana ng binata. Manhid ba ito o talaga lang bale-wala rito ang nararamdaman niya?

"Kaysa magpakagalit ka d'yan, mabuti pa ay ipaghanda mo na ako ng agahan ngayon," untag

nito nang nasa kusina na sila pareho.

“Hindi mo ako alipin para utusan mo ng ganyan,” protesta ni Melrose.

“Ganito ang magiging gawain mo kapag kasal na tayo kaya ngayon pa lang ay kailangan ka nang masanay.” Kampante itong naupo sa silya sa harap ng mesa.

Kuyom ang mga kamay na tumitig nang masama ang dalaga kay Zach.

Tumawa ito. “Hindi ako matutunaw sa pagtitig mo lang, honey. Malayo pa ang uuwian ko kaya pakainin mo na ako,” anito.

Naiinis man ay wala na siyang nagawa. Nagdadabog na nagluto na siya ng agahan nila. Wala siyang imik habang ginagawa iyon ngunit panay ang kanyang pag-iingay.

Nang matapos ay inihanda na niya ang mesa. Wala siyang gana pero sinabi nitong hindi ito sanay kumain nang mag-isa. Napilitan tuloy siyang sabayan ito.

“Minamadali ko na ang paglalakad ng mga papeles tungkol sa ating kasal,” anito pagkuwan. Napatingin siya rito. “Ang alam kasi ng parents ko

ay buntis ka na."

Parang nagsikip ang dibdib ni Melrose sa narinig. Ano ba itong nasuungan niya? Bago pa siya makaimik, nagpatuloy na ito.

"Bukas nga pala ay kailangang sumama ka sa akin sa pagsasaayos ng lisensya natin. At siyempre kailangang ipaalam natin ito sa mga magulang mo."

"Bakit kasi kailangan pa nating magpakasal? Handa naman akong makipag-usap kay Marivic at sabihin sa kanya ang buong katotohanan," sa wakas ay nasabi niya.

"Ayaw na niyang makipag-usap sa akin. Galit na rin ang parents niya sa akin," tugon nito na lalo niyang ikinalungkot. Kung ganoon ay tuloy na tuloy pala ang nakatadhanang pagdurusa niya sa poder ni Zach habang-buhay.

"H-hindi ko alam kung paano ko ipapaliwanag kina Mama na kayo ni Marivic ang magnobya 'tapos, tayo ngayon ang ikakasal," aniyang totoong nag-aalala.

"Ako na ang bahala doon. Simple lang naman. Sa kuwento ay ipalalabas nating tayo ang tunay na may relasyon at nagmamahalan. Tayo ang may balak na magpakasal noon pa," kaswal nitong sagot.

"At si Marivic ang palalabasin mo na nang-agaw, ganoon ba?" takang tanong ni Melrose.

Nagkibit-balikat lamang ang binata. Itinuon nito ang pansin sa pag-inom ng kape.

"Tutal ay wala na ang pagmamahal sa akin ni Marivic at ayaw na niyang makipagbalikan sa akin kaya mabuti na rin sigurong iyon ang ating gawin. Hindi na iyon ang mahalaga sa akin. Bukod doon, hindi masisira ang pangalan ko sa maraming tao.... dahil pinakasalan ko ang sinasabi nilang babaeng nabuntis ko," mahabang sabi nito.

*At ano ang importante sa 'yo, ang pagdusahin ako?* aniya sa isip. "Pero hindi ako buntis at alam mo iyan," sa halip ay saad niya.

"Madali lang naman ang sabihing buntis ka at pagkatapos ay nalaglag ang bata. Besides, hindi maglalaon at mabubuntis ka rin, di ba?" anitong ngumiti pa sa kanya.

Sa sobrang inis ay hindi na tinapos ni Melrose ang pagkain. Humakbang siya palabas sa kusina at nagtungo sa kanyang silid. Iniwan na niya ang lalaki habang kumakain pa ito.

Ipinasya niyang maligo sa banyo na nasa loob ng silid. Papasok pa siya sa school at kung papansinin

niya ang dating boss ay baka masira pa ang araw niya.

Bago siya maligo ay siniguro muna niyang sarado ang pinto ng kuwarto niya. Mahirap na, baka pumasok pa si Zach. Hindi siya natatakot sa maaaring gawin nito sa kanya, kundi sa sarili niyang reaksyon. Alam niyang ang mga yakap at halik ng binata ay hindi niya kailanman mapaglalabanan.

Ilang minuto rin siyang naligo ngunit walang Zach na gumagambala sa kanya. Bagay na ipinagpasalamat niya. Marahil ay nainip na ang lalaki at umalis na.

Nang makaligo ay sinimulan na niyang magbihis. Ngunit paglabas niya ng kuwarto ay naabutan niyang nasa sala si Zach. Hindi pa pala ito umaalis. Tahimik na nakaupo ito sa mahabang sofa habang binubuklat ang photo album na inilagay niya sa ilalim ng center table.

Kung hindi siya tumikhim ay hindi pa siya nito mapapansin. Ibinalik kaagad nito ang photo album sa pinagkunan.

"Nainip ako kaya tiningnan ko 'yun. Bakit kasi ang tagal mong magbihis?" pagdaka ay reklamo nito.

Umismid si Melrose at nagpatiuna sa paglabas ng bahay. Bakit? Sinabi ba niyang hintayin siya nito?

Pagkalabas niya ng bahay ay nakita na niya kaagad ang nakaparadang kotse ni Zach. Ngunit hindi niya iyon pinansin. Tuluy-tuloy siya sa kabilang side ng kalsada upang maghintay ng tricycle na patungong kanto. Mula roon ay sasakay siya ng jeep patungo sa school.

Nakita niya ang pagsasalubong ng mga kilay ng fiancé sa ginawa niya. Sa isang iglap ay nakalapit ito sa kinatatayuan niya. Kuyom ang mga kamay na hinarap siya nito.

"I'm warning you, Melrose. Ikaw itong may kasalanan kaya ginagawa ko ito sa 'yo," anito.

Gusto sana niyang magmaktol ngunit natagpuan niya ang sarili na sumasakay na sa kotse nito.

SA ESKUWELAHAN na pinagtuturuan ni Melrose, nang dumating ang lunch break ay nakatanggap siya ng tawag mula kay Sarah. Kasalukuyan siyang kumakain noon sa canteen.

"Oh, hi, Sarah! Ano'ng balita?" tuwang bungad niya. Umaasa siyang may maganda na itong update

tungkol sa babaeng gumamit ng pangalan niya.

"Wala pa, eh. Pero alam kong hindi magtatagal ay malalaman din natin ang totoo," masayang balita ng kaibigan sa kabilang linya.

Natuwa siya. Sooner or later ay malalaman din niya kung sino ang walang-kuwentang babaeng naglagay sa kanya sa sitwasyon niya ngayon. May tiwala siya kay Sarah na matutuklasan nito ang lahat.

"Pero ako muna ang makikibalita sa 'yo. Ano ba itong kumakalat na tsismis dito sa opisina na magpapakasal na daw kayo ni Boss Zach? Totoo ba ito o masyado lang maraming makakating dila sa kompanyang ito?"

Napabuntong-hininga siya. Pinagpipiyestahan na naman pala ang pangalan niya sa *Zoe Enterprises*. Hindi na ba ito matatapos? "Gusto ni Zach na magpakasal kami."

Narinig niya ang tili ng kausap. Mamaya ay parang natauhan ito. "O, eh, bakit parang malungkot ka? Hindi ba at ito talaga ang gusto mo?" usisa nito.

"Pero hindi ganito, Sarah. Inaalok niya ako ng kasal bilang paghihiganti. Gusto lang niyang parusahan ako habang-buhay sa poder niya."

Punung-puno ng pagdaramdam ang kanyang tinig.

“Ganoon ba?” Tila nalungkot si Sarah sa nalaman.

“Ayaw ni Zach na malaman ito ng iba. Ang gusto niya ay ipakita sa mga tao na maganda ang aming samahan.”

“Hindi rin ba dapat malaman ito ng iba pa nating mga kaibigan?” muling tanong nito.

“Kailan ba ako naglihim sa inyo? Of course, ipapaalam ko ito sa kanila. Subalit hindi muna ngayon. Kakausapin pa namin ni Zach ang parents ko at hindi ko pa alam ang magiging resulta nito.” Damang-dama ni Melrose ang suliraning ibinigay ng binata sa kanya.

Ilang sandali pang kuwentuhan at ipinasya nilang magpaalam na sa isa’t isa.

Matapos kumain ay muli siyang nagturo at hindi na niya namalayan pa ang pagdaan ng oras. Halos hindi niya napansin na uwian na pala. Alas cinco y media na ng hapon nang ipasya niyang umuwi. Pagkalabas niya ng gate ay nakita niya si Ramil na nasa tabi ng owner-type jeep nito.

“Ramil!” tawag niya at kaagad lumapit sa binata.

“Ano’ng kailangan mo?” matabang na tanong nito. Hindi niya maiaalis dito na magalit at magtampo sa kanya. Lumalabas kasi na niloko niya ito. At iyon sana ang gusto niyang linawin.

“Ramil, gusto kong magpaliwanag sa ’yo.”

“Hindi na kailangan. Malinaw na sa akin ang lahat.” Bakas ang pagdaramdam sa tinig nito. Lumigid ito sa kabilang panig ng sasakyan at nagsimulang sumakay.

Ngunit sa mabilis na pagkilos ay lumulan din siya sa jeep nito. Ngumiti si Melrose habang napailing naman ito sa harap ng manibela. Wala na nga itong nagawa kundi ang makipag-usap sa kanya nang masinsinan.

“Ramil, first of all, I want you to know na hindi kita niloko,” umpisa niya.

“At ano ang tawag mo sa ginawa mo sa akin?” Inis man ay naging napakahinahon pa rin ng lalaki sa pagsasalita. Bagay na ipinagpapasalamat niya nang lubos sa Diyos.

“Ramil, nang sagutin kita, alam mong hindi pa kita iniibig noon. Iniisip kong sa pagdaan ng panahon ay matutunan ko rin ang bagay na iyon. Hindi ka mahirap mahalin.”

Marahan nitong inihinto ang sasakyan sa isang tabi upang makapag-usap sila nang maayos. Humarap ito sa kanya.

“Melrose, mahal na mahal kita. Ikaw lamang ang minahal ko nang ganito,” madamdaming pahayag nito.

“Alam ko iyon. At nagpapasalamat ako sa pagmamahal na iyon. Alam ng Diyos na pinilit ko din namang suklian iyon. Kaya lang ay…” Napaiyak siya. Naisubsob niya ang mukha sa dalawang palad.

Naalarma ito; hindi malaman kung paano siya aaluin. Niyakap na lamang siya nito. “Please don’t cry, Melrose. Hindi ko gustong makita kang umiiyak,” samo nito.

Napahinuhod naman siya. Pinahid niya ang luhang naglandas sa magkabila niyang pisngi. Mula sa suot nitong slacks ay kinuha nito sa bulsa ang puting panyo. Pinahid nito ang luha niya sa pamamagitan niyon.

“Naiintindihan naman kita,” anito pagkatapos na mayakap siya. “Alam kong mahal mo siya. Nakita ko ’yun sa mga mata mo n’ung makita ko kayong magkasama. Ang nararamdaman mo kay Zach ay tulad din ng nararamdaman ko para sa ’yo.”

Kusang napayakap siya rito. Tunay na napakabait ni Ramil. Napakamaunawain din nito. Nakakalungkot isiping hindi niya maipagkakaloob ang pagmamahal dito na iniaalay nito sa kanya. Napakasuwerte ng mapapangasawa nito.

"Salamat sa pang-unawa mo, Ramil," aniya nang kumalas sa yakap nito.

"Just always remember na narito ako palagi sa tabi mo whenever you feel weak." Ngumiti ito kahit batid niya ang sakit na nadarama nito ngayon sa kaibuturan ng puso nito.

Tumango si Melrose. "Salamat."

Pinaandar na nito ang sasakyan at inihatid pa siya sa kanyang tahanan.